CITY OF LONG BEACH

PAHAYAG PARA SA PRESS

Lungsod ng Long Beach
Public Information Office
411 W. Ocean Blvd,
Long Beach, CA 90802

4/4/2020

PARA SA AGARANG PAGLABAS Pahayag para sa Press # 040420

Paksa: **Pagbabahagi ng Long Beach sa mga Patnubay na Rekomendasyon ng CDC para sa mga Residenteng Nagpapasyang Magsuot ng mga Takip sa Mukha Habang nasa Publiko**

Kontak: Joint Information Center sa Lungsod ng Long Beach
562.570.NEWS
jic@longbeach.gov

Long Beach, CA - Ang Health at Human Services Department ng Lungsod ng Long Beach ay naglabas ng gabay na rekomendasyon ng CDC para sa mga indibidwal na nagsusuot ng mga takip sa mukha, upang maprotektahan laban sa COVID-19, kapag umaalis sa kanilang mga tahanan upang makilahok sa mga mahahalagang aktibidad.

Ayon kay Mayor Robert Garcia, "Kahit ikaw ay hindi nagpapakita ng mga sintomas, maaari kang magdala ng COVID-19 at magdala ng panganib sa mga nakapaligid sa iyo." Ang pagsusuot ng isang bagay na kasing simple ng isang tela na takip sa mukha kapag ikaw ay lumabas ay makakatulong pabagalin ang bilis ng paghawa at mabawasan ang bigat sa ating mga ospital sa mga susunod na kritikal na linggo."

Ang Long Beach Department of Health and Human Services ay hindi nag-uutos sa mga indibdwal na magsuot ng mga takip sa mukha habang nasa publiko at patuloy na nagpapayo na ang pinakamahusay na depensa sa pamayanan at indibidwal laban sa COVID-19 ay ang madalas na paghuhugas ng ating mga kamay, pag-iwas sa paghawak sa ating mga mata, ilong, at bibig ng di-nahugasang kamay, pag-iwas sa lugar ng mga may sakit at pagsasanay sa pisikal na paglayo, lalo na sa pamamagitan ng pagpapanatili sa bahay.

"Binibigyang diin namin na ang pagsusuot ng mga takip ng mukha ay hindi dapat maging kapalit sa pagpapatuloy na pagsagawa ng mga nakabase-sa-ebidensya na depensa tulad ng madalas na paghuhugas ng iyong mga kamay at pisikal na paglayo," ayon kay City Health Officer Dr. Anissa Davis. "Ang mga takip ng mukha ay maaaring maging kapaki-pakinabang sa mga pampublikong lugar kung saan ang iba pang mga pisikal paglayo ay mahirap mapanatili, tulad ng mga parmasya o tindahan ng groseri."

Ayon sa Pampublikong Kalusugan ng Kagawaran ng California (California Department of Public Health), ang mga takip sa mukha ay ang mga materyal tulad ng koton, seda o lino (linen) na takip sa mukha at ilong. Ang mga takip ay maaaring gawin sa bahay o gawa mula sa pang-araw-araw na mga bagay tulad ng mga scarf, bandana, Tshirt, sweatshirt o tuwalya. Ang mga N95 na respirator at mga surgical mask ay hindi inirerekomenda para sa pagbili ng publiko. Kulang ang suplay ng kritikal na kagamitang ito sa buong bansa at dapat tipirin para sa mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan at mga unang tumutugon (first responders).

Pinaalalahanan ng mga opisyal ng lungsod ang mga residente na patuloy na sumunod sa "Mas Ligtas sa Tahanan (Safer at Home)" na Kautusan at lumabas lamang sa kanilang mga tahanan para sa mga mahahalagang aktibidad tulad ng pagbili ng pagkain, pagpunta sa mga medikal na appointment, pag-eehersisyo, paglalakad ng iyong alaga o pag-aalaga sa mga mahal sa buhay.

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang ating mga residente, bisitahin ang www.longbeach.gov/COVID19 at sundan sa @LongBeachCity on Facebook, Twitter at Instagram.

Para sa mga karagdagang balita, larawan at video at mga anunsyo sa kung ano ang nangyayari sa Long Beach, sundan kami sa Facebook, Twitter, Instagram at YouTube.